

**Kontrata ng Mga Bayad Bilang Tulong sa Pabahay  
(Kontrata ng HAP)**

**Tulong ng Seksyon 8 na Salig-Nangungupahan  
Programang ng Voucher Para sa Piniling Pabahay [Housing Choice Voucher Program]**

**Pahayag Ukol sa Akta ng Privacy.** May autorisasyon ang Department of Housing and Urban Development (HUD) na mangolekta ng impormasyon hinihingi sa form na ito ng Seksyon 8 ng U.S. Housing Act of 1937 (42 U.S.C.1437f). Iniuutos ang pagkolekta ng mga pangalan ng mga myembro ng pamilya at ng address ng unit, at ng pangalan ng may-ari at ng address na pagpapadalhan ng bayad. Ginagamit ang impormasyon para magkaloob ng tulong ng Seksyon 8 na salig-nangungupahan ayon sa programa ng Voucher Para sa Piniling Pabahay sa pamamagitan ng mga bayad bilang tulong sa pabahay. Binabanggit din nang tiyakan ng impormasyon kung anu-anong mga utility at mga appliance ang tutustusan ng may-ari, at kung anu-anong mga utility at mga appliance ang tutustusan ng nangungupahan. Maaaring isiwalat ng HUD ang impormasyong ito sa mga ahensyang Pederal, Estado at lokal kapag may-kaugnayan sa mga imbestigasyon at pag-uusig na sibil, criminal o pampangasiwaan. Hindi ito isisiwalat o ihahayag sa ibang paraan sa labas ng HUD, maliban sa pinahihintulutan o inuutos ng batas. Ang hindi pagbigay ng alinman sa impormasyon ay maaaring mauwi sa pagkaantala o sa pagtanggig sa partisipasyon sa programa ng pamilya o ng may-ari.

**U.S. Department of Housing  
and Urban Development**  
Office of Public and Indian Housing  
OMB Approval No. 2577- 0169  
(May-bisa hanggang. 10/31/2010)

**Mga Instruksyon sa paggamit ng Kontrata ng HAP**

Itong form ng Kontrata ng Mga Bayad Bilang Tulong sa Pabahay (Kontrata ng HAP) ay ginagamit para magkaloob ng tulong ng Seksyon 8 na salig-nangungupahan ayon sa programa ng housing choice voucher (programang ng voucher) ng U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD). Ang 24 Code of Federal Regulations Part 982 ang pangunahing regulasyon para sa programang ito.

Ang lokal na programang ng voucher ay pinamamahalaan ng isang public housing agency [ahensya ng pambayang pabahay] (PHA) Ang kontrata ng HAP ay isang kasunduan na pinagkaisahan ng PHA at ng may-ari ng isang unit na tinitirahan ng isang pamilyang tinutulungan. Ang kontrata ng HAP ay mayroong tatlong bahagi:

Bahagi A Impormasyon ng Kontrata (susulatan ng sagot). Tingnan ang mga instruksyon para sa bawat seksyon.

Bahagi B Pinakakatawan ng kontrata

Bahagi C Addendum ng pangungupahan

**Paggamit nitong form**

Inuutos ng HUD ang paggamit sa kontrata ng HAP. Hindi pinahihintulutan ang pagbabago ng kontrata ng HAP. Dapat nasa form na itinakda ng HUD ang bawat salita ng kontrata ng HAP.

Gayunman, maaaring piliin ng PHA na idagdag ang sumusunod:

Salitang nagbabawal sa may-ari sa pagkolekta ng depositing panagot na mahigit sa gawi ng pribadong kalakalan, o mahigit sa mga halagang sinisingil ng may-ari sa mga nangungupahang hindi tinutulungan. Dapat idagdag sa Bahagi A ng kontrata ng HAP ang ganitong pagbabawal.

Salitang nagtatakda kung kailan ipagpapalagay na natanggap na ng may-ari ang bayad bilang tulong sa pabahay na ipinadala ng PHA (e.g., sa panahon ng pagkoreo ng PHA o sa aktwal na pagtanggap ng may-ari). Dapat idagdag sa Bahagi A ng kontrata ng HAP ang ganitong salita.

Para ihanda ang kontrata ng HAP, sagutin ang lahat ng impormasyon ng kontrata sa Bahagi A ng kontrata. Pagkatapos, dapat pirmahan ng may-ari at ng PHA ang Bahagi A.

**Paggamit para sa mga natatanging uri ng pabahay**

Maliban sa paggamit para sa pangunahing programang ng voucher ng Seksyon 8, dapat ding gamitin ang form na ito sa sumusunod na "natatanging mga uri ng pabahay" na ibang anyo ng programang ng voucher para sa natatanging mga pangangailangan. (tingnan ang 24 CFR Part 982, Subpart M): (1) single room occupancy (SRO) housing; (2) congregate housing; (3) group home; (4) shared housing; at (5) pag-upa ng manufactured home ng isang pamilyang umuupa ng manufactured home at ng pwesto. Kapag ginamit ang form na ito para sa natatanging uri ng pabahay, dapat banggitin nang tiyakan sa Bahagi A ng kontrata ng HAP ang uri ng natatanging pabahay, tulad ng sumusunod: "Ginagamit itong kontrata ng HAP para sa sumusunod na natatanging uri ng pabahay ayon sa mga regulasyon ng HUD para sa programang ng voucher ng Seksyon 8: (Isulat ang Pangalan ng Natatanging uri ng Pabahay)."

Gayunman, hindi maaaring gamitin ang form na ito para sa sumusunod na natatanging mga uri ng pabahay. (1) pag-upa ng pwesto para sa manufactured home ng isang pamilyang may-ari ng manufactured home at pwesto lamang ang inuupahan; (2) cooperative housing; at (3) ang

opsyon ng pagiging may-ari ng bahay ayon sa Seksyon 8(y) ng United States Housing Act of 1937 (42 U.S.C. 1437f(y)).

**Paano sasagutin ang Bahagi A**

Mga Instruksyon Para sa Bawat Seksyon.

**Seksyon 2. Nangungupahan**

Isulat ang buong pangalan ng nangungupahan.

**Seksyon 3. Unit sa Kontrata**

Isulat ang address ng unit, kasama ang numero ng apartment, kung mayroon man.

**Seksyon 4. Mga Myembro ng Sambahayan**

Isulat ang buong pangalan ng lahat ng mga myembro ng sambahayan na inaprobahan ng PHA. Banggitin nang tiyakan kung ang sinuman sa mga taong ito ay isang *live-in aide*, na siyang inaprobahan ng PHA na manirahan sa unit para magbigay ng mga serbisyong pang-alalay sa isang myembro ng pamilya na naturingan na taong may kapansanan.

**Seksyon 5. Unang Takdang Panahon ng Kasunduan sa Pagpapaupa**

Isulat ang unang petsa at huling petsa ng unang takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa.

Dapat isang taon man lamang ang unang takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa. Gayunman, maaaring aprobahan ng PHA ang mas maikling unang takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa kung matiyak ng PHA na:

- Ang ganitong mas maikling takdang panahon ay makapagpapaganda sa mga pagkakataon sa pabahay ng nangungupahan, **at**
- Ang ganitong mas maikling takdang panahon ay ang laganap na gawi sa lokal na kalakalan.

**Seksyon 6. Unang Upa na Ibabayad sa May-ari**

Isulat ang halaga ng buwanang upa na ibabayad sa may-ari sa loob ng unang takdang panahon ng kasunduan ng pagpapaupa. Dapat tiyakin ng PHA na ang upa na ibabayad sa may-ari ay makatwiran kung ihahambing sa upa ng ibang maitutulad na mga unit na hindi tinutulungan. Sa loob ng unang takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa, hindi maaaring taasan ng may-ari ang upa na ibabayad sa may-ari.

**Seksyon 7. Mga Bayad Bilang Tulong sa Pabahay**

Isulat ang unang halaga ng buwanang bayad bilang tulong sa pabahay.

**Seksyon 8. Mga Utility at Mga Appliance**

Dapat banggitin nang tiyakan ng kasunduan ng pagpapaupa at ng kontrata ng HAP kung anu-anong mga utility at mga appliance ang tutustusan ng may-ari, at kung anu-anong mga utility at mga appliance ang tutustusan ng nangungupahan. Sagutin ang seksyon 8 para ipahayag kung sino ang may responsabilidad na magkaloob ng o magbayad para sa mga utility at mga appliance.

**Kontrata ng Mga Bayad Bilang Tulong sa Pabahay  
(Kontrata ng HAP)  
Tulong ng Seksyon 8 na Salig-Nangungupahan  
Programang ng Voucher Para sa Piniling Pabahay  
[Housing Choice Voucher Program]**

---

**U.S. Department of Housing  
and Urban Development**  
Office of Public and Indian Housing

**Bahagi A ng Kontrata ng HAP: Impormasyon ng Kontrata**

(Para ihanda ang kontrata, sagutin ang lahat ng impormasyon ng kontrata sa Bahagi A.)

**1. Mga Nilalaman ng Kontrata**

Itong kontrata ng HAP ay mayroong tatlong bahagi:

- Bahagi A: Impormasyon ng Kontrata
- Bahagi B: Pinakakatawan ng Kontrata
- Bahagi C: Addendum ng Pangungupahan

**2. Nangungupahan**

**3. Unit sa Kontrata**

**4. Sambahayan**

Maaaring manirahan sa unit ang sumusunod na mga tao. Hindi maaaring idagdag ang iba pang tao sa sambahayan na walang paunang nakasulat na pahintulot ng may-ari at ng PHA.

**5. Unang Takdang Panahon ng Kasunduan sa Pagpapaupa**

Ang simula ng unang takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa ay (bb/aa/tttt): \_\_\_\_\_

Ang katapusan ng unang takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa ay (bb/aa/tttt): \_\_\_\_\_

**6. Unang Upang Ibabayad sa May-ari**

Ang unang upang ibabayad sa may-ari ay: \$ \_\_\_\_\_

Sa loob ng unang takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa, hindi maaaring taasan ng may-ari ang upa na ibabayad sa may-ari.

**7. Unang Bayad Bilang Tulong sa Pabahay**

Magsisimula ang takdang panahon ng kontrata ng HAP sa unang araw ng takdang panahon ng unang kasunduan sa pagpapaupa. Sa simula ng takdang panahon ng kontrata ng HAP, ang halaga ng bayad bilang tulong sa pabahay na ibabayad ng PHA sa may-ari ay \$ \_\_\_\_\_ buwan-buwan.

Ang halaga ng buwanang bayad bilang tulong sa pabahay na ibabayad ng PHA sa may-ari ay batay sa pagbabago sa loob ng takdang panahon ng kontrata ng HAP alinsunod sa mga utos ng HUD.

**8. Mga Utility at Mga Appliance**

Ang may-ari ang magkakaloob ng o magbabayad para sa mga utility at mga appliance na may marka na letrang "O" sa ibaba. Ang nangungupahan ang magkakaloob ng o magbabayad para sa mga utility at mga appliance na may marka na letrang "T" sa ibaba. Maliban kung iba ang binabanggit sa ibaba, ang may-ari ang magbabayad para sa lahat ng mga utility at mga appliance na ipinagkaloob ng may-ari.

| Item                    | Banggitin nang tiyakan ang uri ng fuel |  |   | Ipinagkaloob ng | Binayaran ng |
|-------------------------|--|--|---|-----------------|--------------|
| Pagpapainit ng Loob     | <input type="checkbox"/> Natural gas   | <input type="checkbox"/> Bottle gas <input type="checkbox"/> Langis o Kuryente | <input type="checkbox"/> Uling o Iba Pa |                 |              |
| Pagluto                 | <input type="checkbox"/> Natural gas   | <input type="checkbox"/> Bottle gas <input type="checkbox"/> Langis o Kuryente | <input type="checkbox"/> Uling o Iba Pa |                 |              |
| Pagpapainit ng Tubig    | <input type="checkbox"/> Natural gas   | <input type="checkbox"/> Bottle gas <input type="checkbox"/> Langis o Kuryente | <input type="checkbox"/> Uling o Iba Pa |                 |              |
| Iba Pang Kuryente       |  |  |   |                 |              |
| Tubig                   |  |  |   |                 |              |
| Imburnal                |  |  |   |                 |              |
| Pangongolekta ng Basura |  |  |   |                 |              |
| Air Conditioning        |  |  |   |                 |              |
| Refrigerator            |  |  |   |                 |              |
| PugonMicrowave          |  |  |   |                 |              |
| Iba pa (banggitin)      |  |  |   |                 |              |

**Mga Pirma:  
Public Housing Agency**

\_\_\_\_\_

Ilimbag o I-type ang Pangalan ng PHA

\_\_\_\_\_

Pirma

\_\_\_\_\_

Ilimbag o I-type ang Pangalan at Titulo ng Pumipirma

\_\_\_\_\_

Petsa (bb/aa/tttt)

**Ikoreo ang mga Bayad sa:**

**May-ari**

\_\_\_\_\_

Ilimbag o I-type ang Pangalan ng May-ari

\_\_\_\_\_

Pirma

\_\_\_\_\_

Ilimbag o I-type ang Pangalan at Titulo ng Pumipirma

\_\_\_\_\_

Petsa (bb/aa/tttt)

\_\_\_\_\_

Pangalan

\_\_\_\_\_

Address (kalye, lungsod, estado, zip)

**Kontrata ng Mga Bayad Bilang Tulong sa Pabahay  
(Kontrata ng HAP)  
Tulong ng Seksyon 8 na Salig-Nangungupahan  
Programa ng Voucher Para sa Piniling Pabahay  
[Housing Choice Voucher Program]**

**U.S. Department of Housing  
and Urban Development**  
Office of Public and Indian Housing

**Bahaging B ng Kontrata ng HAP: Pinakakatawan ng Kontrata**

**1. Layunin**

- a. Ito ay kontrata ng HAP na pinagkasunduan ng PHA at ng may-ari. Pinagkasunduan ang kontrata ng HAP para magkaloob ng tulong sa mga pamilya ayon sa programa ng voucher ng Seksyon 8 (tingnan ang mga regulasyon ng HUD program sa 24 Code of Federal Regulations Part 982).
- b. Ang kontrata ng HAP ay umiiral sa sambahayan at sa unit sa kontrata lamang na binanggit nang tiyakan sa Bahagi A ng kontrata ng HAP.
- c. Sa loob ng takdang panahon ng kontrata ng HAP, babayaran ng PHA sa may-ari ang mga bayad bilang tulong sa pabahay alinsunod sa kontrata ng HAP.
- d. Maninirahan ang pamilya sa unit sa kontrata na may tulong batay sa programa ng voucher ng Seksyon 8. Ang mga bayad bilang tulong sa pabahay na babayaran ng PHA ay tumutulong sa nangungupahan para maupahan ang unit sa kontrata mula sa may-ari para sa pagtira ng pamilya.

**2. Pag-upa sa Unit sa Kontrata**

- a. Pinaupahan ng may-ari ang unit sa kontrata sa nangungupahan para sa pagtira ng pamilya na may tulong batay sa programa ng voucher ng Seksyon 8.
- b. Inaprobahan ng PHA ang pagpapaupa ng unit alinsunod sa mga utos ng programa ng voucher ng Seksyon 8.
- c. Kasama dapat sa kasunduan sa pagpapaupa ng unit sa kontrata ang lahat ng mga salita, walang labis walang kulang, ng mga tadhana ng addendum ng pangungupahan na inuutos ng HUD (Bahagi C ng kontrata ng HAP).
- d. Nagpapatotoo ang may-ari na:
  - (1) Pinagkasunduan ng may-ari at ng nangungupahan ang isang kasunduan sa pagpapaupa ng unit sa kontrata na kasama ang lahat ng mga tadhana ng addendum ng pangungupahan.
  - (2) Ang kasunduan sa pagpapaupa ay nasa pamantayang form na ginagamit sa pook ng may-ari at na karaniwang ginagamit para sa ibang nangungupahan sa premises na hindi tinutulungan.
  - (3) Ang kasunduan sa pagpapaupa ay kasang-ayon ng batas Estado at lokal.
- e. Ang may-ari ang may responsibilidad para sa screening ng asal ng pamilya o ng kaangkupan para sa pangungupahan. Hindi responsibilidad ng PHA ang ganoong screening. Walang pananagutan o responsibilidad ang PHA sa may-ari o sa iba pang tao para sa asal ng pamilya o sa mga kilos ng pamilya habang nangungupahan.

**3. Pagmamantini, Mga Utility, at Iba Pang Mga Serbisyo**

- a. Dapat imantini ng may-ari ang unit sa kontrata at ang premises alinsunod sa mga pamantayan ng kahusayan ng pabahay [housing quality standards (HQS)]
- b. Dapat ipagkaloob ng may-ari ang lahat ng mga utility na kailangan para sumunod sa HQS.
- c. Kung hindi imantini ng may-ari ang unit sa kontrata alinsunod sa HQS, o hindi ipagkaloob ang lahat ng utility na kailangan para sumunod sa HQS, maaaring gamitin ng PHA ang anumang remedyong magagamit. Kasama sa mga remedyo ng PHA para sa ganitong di-pagtupad, ang pagbawi ng mga sobrang bayad, pagsuspindi ng mga bayad bilang tulong sa pabahay, pagpapaliit o iba pang reduksyon ng mga bayad bilang tulong sa pabahay, paghinto ng mga bayad bilang tulong sa pabahay, at pagwawakas sa kontrata ng HAP. Hindi maaaring gamitin ng PHA ang ganitong mga remedyo laban sa may-ari dahil sa

di-pagtupad sa HQS na ang pamilya ang may responsibilidad, at hindi ang may-ari ang naging sanhi.

- d. Hindi magbabayad ang PHA ng anumang bayad bilang tulong sa pabahay kung hindi masapatan ng unit sa kontrata ang HQS, maliban kung iwasto ng may-ari ang depekto sa loob ng panahong itinakda ng PHA at maberipika ng PHA ang pagwawasto. Kung nagsasapanganib sa buhay ang depekto, dapat iwasto ng may-ari ang depekto sa loob ng hindi lalampas na 24 na oras. Para sa iba pang mga depekto, dapat iwasto ng may-ari ang depekto sa loob ng panahon na itinakda ng PHA.
- e. Maaaring mag-inspeksyon ang PHA sa unit sa kontrata at sa premises sa mga panahong itinakda ng PHA na kailangan, para matiyak na naaalinsunod sa HQS ang unit.
- f. Dapat ipaalam ng PHA sa may-ari ang anumang depekto batay sa HQS na natuklasan sa inspeksyon.
- g. Dapat ipagkaloob ng may-ari ang lahat ng mga serbisyo sa pabahay tulad nang pinagkasunduan sa kasunduan sa pagpapaupa.

**4. Takdang Panahon ng Kontrata ng HAP**

- a. **Kaugnayan sa takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa.** Nagsisimula ang takdang panahon ng kontrata ng HAP sa unang araw ng unang takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa, at nagtatapos sa huling araw ng takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa (kasama ang unang takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa at ang anumang pagpapalugit).
- b. Kailan nagtatapos ang kontrata ng HAP.
  - (1) Automatikong nagtatapos ang kontrata ng HAP kapag pinawalang-saysay ng may-ari o ng nangungupahan ang kasunduan sa pagpapaupa
  - (2) Maaaring ihinto ng PHA ang tulong ng programa para sa pamilya dahil sa anumang autorisadong katwiran na naaalinsunod sa inuutos ng HUD. Kapag hininto ng PHA ang tulong ng programa para sa pamilya, automatikong nagtatapos ang kontrata ng HAP.
  - (3) Kapag lumipat ang pamilya mula sa unit sa kontrata, automatikong nagtatapos ang kontrata ng HAP.
  - (4) Automatikong nagtatapos ang kontrata ng HAP pagkaraan ng 180 araw ayon sa kalendaryo matapos na bayaran sa may-ari ang huling bayad bilang tulong sa pabahay.
  - (5) Maaaring tapusin ang PHA ang kontrata ng HAP kung matiyak ng PHA, na naaalinsunod sa mga inuutos ng HUD, na ang nakalaang pondo ng programa ay hindi sapat para itaguyod ang patuloy na tulong para sa mga pamilyang nasa programa.
  - (6) Automatikong nagtatapos ang kontrata ng HAP sa kamatayan ng isang myembro ng sambahayan, kasama ang mga sambahayan na iisa ang myembro na may live-in aide.
  - (7) Maaaring tapusin ng PHA ang kontrata ng HAP kung matiyak ng PHA na ang unit sa kontrata ay hindi nagbibigay ng sapat na espasyo na naaalinsunod sa HQS dahil sa nadagdagan ang laki ng pamilya o pagbabago sa pagkakabuong pamilya.
  - (8) Kung magkahiwa-hiwalay ang pamilya, maaaring tapusin ng PHA ang kontrata ng HAP, o maaaring ipagpatuloy ang mga bayad bilang tulong sa pabahay alang-alang sa mga myembro ng pamilyang nananatili sa unit sa kontrata.
  - (9) Maaaring wakasan ng PHA ang kontrata ng HAP kung matiyak ng PHA na hindi nasasapatan ng unit ang lahat

ng mga inuutos ng HQS, o matiyak na linabag ng may-ari sa ibang paraan ang kontrata ng HAP.

#### 5. Pagkakaloob at Pagbabayad ng Mga Utility at Mga Appliance

- a. Dapat banggitin nang tiyakan ng kasunduan sa pagpapaupa kung anu-anong mga utility ang ipagkakaloob o babayaran ng may-ari o ng nangungupahan.
- b. Dapat banggitin nang tiyakan ng kasunduan sa pagpapaupa kung anu-anong mga utility ang ipagkakaloob o babayaran ng may-ari o ng nangungupahan.
- c. Binabanggit nang tiyakan sa Bahagi A ng kontrata ng HAP kung anu-anong mga utility at mga appliance ang ipagkakaloob o babayaran ng may-ari o ng nangungupahan. Dapat naaayon ang kasunduan sa pagpapaupa sa kontrata ng HAP.

#### 6. Upang ibabayad sa May-ari: Makatwirang Upa

- a. Sa takdang panahon ng kontrata ng HAP, ang upang ibabayad sa may-ari ay hindi maaaring humigit kailanman sa makatwirang upa para sa unit sa kontrata tulad ng pinakahuling pagpapasya o muling pagpapasya ng PHA na naaalinsunod sa mga utos ng HUD.
- b. Dapat tiyakin ng PHA kung ang upa na ibabayad sa may-ari ay makatwiran kung ihahambing sa upa ng ibang maitutulad na mga unit na hindi tinutulungan. Para makapagpasya, dapat isaalang-alang ng PHA:
  - (1) Ang lokasyon, kahusayan, laki, uri ng unit, at edad ng unit sa kontrata; at
  - (2) Ang anumang mga kaginhawaan, mga serbisyo sa pabahay, pagmamantini at mga utility na ipinagkaloob at binabayaran ng may-ari.
- c. Dapat tiyaking muli ng PHA ang makatwirang upa kapag kailangan alinsunod sa mga inuutos ng HUD. Maaaring tiyaking muli ng PHA ang makatwirang upa sa anumang oras.
- d. Sa takdang panahon ng kontrata ng HAP, ang upang ibabayad sa may-ari ay hindi maaaring humigit sa upang sinisingil ng may-ari sa maitutulad na mga unit na hindi tinutulungan sa loob ng premises. Dapat ibigay ng may-ari sa PHA ang anumang impormasyong hinihiling ng PHA tungkol sa mga upang sinisingil ng may-ari para sa iba pang mga unit sa loob ng premises o sa iba pang lugar.

#### 7. Bayad ng Pamilya sa May-ari

- a. Kailan babayaran
  - (1) Sa takdang panahon ng kontrata ng HAP, dapat tuwing simula ng bawat buwan, magbayad nang buwanan ang PHA sa may-ari ng mga bayad bilang tulong sa pabahay alang-alang sa pamilya.
  - (2) Dapat magbayad agad ang PHA ng mga bayad bilang tulong sa pabahay sa panahong dapat mabayaran sa may-ari.
  - (3) Pagkatapos ng unang dalawang buwan ng takdang panahon ng kontrata ng HAP, kung hindi mabayaran agad ang mga bayad bilang tulong sa pabahay sa panahon na dapat mabayaran, magbabayad ang PHA ng mga multa sa may-ari kung umiiral ang lahat ng sumusunod na mga sirkumstansya: (i) Ang ganoong mga multa ay naaalinsunod sa karaniwang sinasang-ayunang praktis at batas, na maaaring ipatupad sa lokal na housing market [kalakalan ng pabahay], na umiiral sa mga multa para sa huling bayad ng upa ng isang nangungupahan; (ii) Gawi ng may-ari na sumingil ng ganoong multa para sa mga nangungupahang tinutulungan at di-tinutulungan; at (iii) Sumusingil din ang may-ari ng ganoong mga multa na sagutin ng nangungupahan para sa pagbayad nang atrasado sa may-ari ng upa ng pamilya. Gayunman, hindi maobligang PHA na magbayad ng anumang multa para sa atrasadong bayad kung matiyak ng HUD na ang pagbayad nang atrasado ng PHA ay dahil sa mga bagay na walang kontrol ang PHA. At saka, hindi maobligang PHA na magbayad ng anumang multa para sa atrasadong bayad kung ang mga bayad bilang

tulong sa pabahay ng PHA ay naantala o ipinagkait bilang remedyo para sa di-pagtupad ng may-ari sa kontrata ng HAP (kasama ang alinman sa sumusunod na mga remedyo ng PHA: pagbawi ng mga sobrang bayad, pagsuspinde ng mga bayad bilang tulong sa pabahay, pagbawas o reduksyon ng mga bayad bilang tulong sa pabahay, paghinto ng mga bayad bilang tulong sa pabahay at ang pagtatapos ng kontrata).

- (4) Babayaran sa may-ari ang mga bayad bilang tulong sa pabahay sa panahon lamang na naninirahan ang pamilya sa unit sa kontrata sa takdang panahon ng kontrata ng HAP. Hindi babayaran ng PHA ang may-ari ng bayad bilang tulong sa pabahay para sa anumang buwan pagkatapos ng buwang umalis ang pamilya.

- b. **Pagtupad ng May-ari sa kontrata ng HAP.** Maliban kung tinupad na ng may-ari ang lahat ng mga tadhana ng kontrata ng HAP, walang karapatan ang may-ari ng tumanggap ng mga bayad bilang tulong sa pabahay batay sa kontrata ng HAP.

#### c. Halaga ng bayad ng PHA sa may-ari

- (1) Ang halaga ng buwanang bayad bilang tulong sa pabahay ay itatakda ng PHA na alinsunod sa mga utos ng HUD para sa pangungupahan ayon sa programa ng voucher.
- (2) Ang halaga ng buwanang bayad bilang tulong sa pabahay ng PHA ay batay sa pagbabago sa loob ng takdang panahon ng kontrata ng HAP na alinsunod sa mga utos ng HUD. Dapat ipaalam ng PHA sa pamilya at sa may-ari ang tungkol sa anumang pagbabago sa halaga ng bayad bilang tulong sa pabahay.
- (3) Gagawing proporsyonado para sa bahagi ng isang buwan ang bayad bilang tulong sa pabahay para sa unang buwan ng takdang panahon ng kontrata ng HAP.

- d. **Pagkwekuenta sa Bayad.** Ibabawas ang buwanang bayad bilang tulong sa pabahay mula sa buwanang upang ibabayad sa may-ari para sa unit sa kontrata.

#### e. Hangganan ng responsibilidad ng PHA.

- (1) Ang tanging responsibilidad ng PHA ay ang pagbabayad sa may-ari ng mga bayad bilang tulong sa pabahay na naaalinsunod sa kontrata ng HAP at mga inuutos ng HUD para sa pangungupahan batay sa programa ng voucher.
- (2) Hindi magbabayad ang PHA ng anumang bahagi ng upang ibabayad sa may-ari na mahigit sa bayad bilang tulong sa pabahay. Hindi magbabayad ang PHA ng anumang iba pang paghahabol ng may-ari laban sa pamilya.

- f. **Sobrang bayad sa may-ari.** Kung matiyak ng PHA na hindi karapat-dapat ang may-ari sa bayad bilang tulong sa pabahay o sa anumang bahagi nito, bukod pa sa ibang mga remedyo, maaaring ibawas ng PHA ang halaga ng sobrang bayad mula sa anumang halagang dapat mabayaran sa may-ari (kasama ang mga halagang dapat mabayaran batay sa anumang ibang kontrata ng tulong ng Seksyon 8).

#### 8. Pagpapatotoo ng May-ari

Sa takdang panahon nitong kontrata, nagpapatotoo ang may-ari na:

- a. Minamantini ng may-ari ang unit sa kontrata at ang premises na naaalinsunod sa HQS.
- b. Pinauupahan ang unit sa kontrata sa nangungupahan. Kasama sa kasunduan sa pagpapaupa ang addendum ng pangungupahan (Bahagi C ng kontrata ng HAP), at naaalinsunod ito sa kontrata ng HAP at mga inuutos ng programa. Binigyan na ng may-ari ang PHA ng kasunduan sa pagpapaupa, kasama ang anumang mga pagbabago sa kasunduan sa pagpapaupa.
- c. Hindi mahigit sa upang sinisingil ng may-ari sa maitutulad na mga unit na hindi tinutulungan sa loob ng premises ang upang ibabayad sa may-ari.
- d. Bukod sa upang ibabayad sa may-ari, hindi pa tumanggap at hindi tatanggap ng anumang bayad o ibang konsiderasyon (mula sa pamilya, sa PHA, sa HUD, o sa anumang ibang pambayan o pribadong mapagkukunan) para sa

pagpapaupa ng unit sa kontrata sa takdang panahon ng kontrata ng HAP.

- e. Hindi pag-aari at walang anumang interes ang pamilya sa unit sa kontrata.
- f. Sa abot-kaya ng kaalaman ng may-ari, naninirahan ang mga myembro ng pamilya sa unit sa kontrata, at ang unit ang tanging tirahan ng pamilya.
- g. Ang may-ari (kasama ang principal o ang iba pang interesadong partido) ay hindi ang magulang, anak, lolo o lola, apo, kapatid na babae o kapatid na lalaki ng sinumang myembro ng pamilya, maliban kung natiyak na ng PHA (at ipinaalam na sa may-ari at sa pamilya ang ganitong pagkakatiyak) na ang pag-aaproba ng pangungupahan ng unit, sa kabila ng ganoong relasyon, ay magbibigay ng makatwirang pakikibagay para sa isang myembro ng pamilya na naturingang taong may kapansanan.

**9. Pagbabawal sa Diskriminasyon.** Alinsunod sa mapairal na mga batas ng pantay-pantay na pagkakataon, mga Kautusang Tagapagpaganap at mga regulasyon:

- a. Hindi dapat magtangi ang may-ari laban sa sinumang tao dahil sa lahi, kulay, relihyon, kasarian, bansang pinagmulan, gulang, status ng pamilya, o kapansanan na may-kaugnayan sa kontrata ng HAP.
- b. Dapat makipagtulungan ang may-ari sa PHA at sa HUD sa pagsasagawa ng mga pagsusuri sa pagsunod sa pantay-pantay na pagkakataon at mga imbestigasyon ng sumbong na may-kaugnayan sa kontrata ng HAP.

**10. Paglabag ng May-ari sa Kontrata ng HAP**

- a. Ang alinman sa sumusunod na mga aksyon ng may-ari (kasama ang isang principal o iba pang interesadong partido) ay di-pagtupad ng may-ari sa kontrata ng HAP:
  - (1) Kung lumabag ang may-ari sa anumang obligasyon ayon sa kontrata ng HAP, pati na ang obligasyon ng may-ari na magmantini ng unit alinsunod sa HQS.
  - (2) Kung lumabag ang may-ari sa anumang obligasyon ayon sa anumang ibang kontrata ng bayad bilang tulong sa pabahay batay sa Seksyon 8.
  - (3) Kung nagsagawa ang may-ari ng pandaraya, panunuhol o iba pang katiwalian o gawaing kriminal na may kaugnayan sa anumang programang Pederal na tulong sa pabahay.
  - (4) Para sa mga proyektong may mga mortgage na nakaseguro sa HUD o mga utang na pinautang ng HUD, kung hindi sumunod ang may-ari sa mga regulasyon para sa maiiral na seguro sa mortgage o programa ng pagpapautang, sa mortgage o sa *mortgage note*, o sa kasunduan ng pangangasiwa, o kung nagsagawa ang may-ari ng pandaraya, panunuhol o anupamang ibang katiwalian o gawaing kriminal na may kaugnayan sa mortgage o sa utang.
  - (5) Kung nasangkot ang may-ari sa anumang gawaing kriminal na may-kaugnayan sa droga o anumang marahas na gawaing kriminal.
- b. Kapag natiyak ng PHA na may di-pagtupad na nangyari, maaaring gamitin ng PHA ang anuman sa mga karapatan at remedyo nito batay sa kontrata ng HAP, o anumang ibang magagamit na mga karapatan at remedyo para sa nabanggit na di-pagtupad. Ipaalam ng PHA sa may-ari ang tungkol sa ganitong pagpapasya, kasama ang maikling pahayag ng mga katwiran para sa pasya. Ang notisya ng PHA sa may-ari ay maaaring mag-utos sa may-ari na magsagawa ng aksyong pangwasto, tulad ng bineripika o tiniyak ng PHA, nang hindi lalampas sa huling araw na itatakda sa notisya.
- c. Kasama ang mga karapatan at mga remedyo ng PHA para sa di-pagtupad ng may-ari sa kontrata ng HAP ang pagbawi ng mga sobrang bayad, pagsuspinde ng mga bayad bilang tulong sa pabahay, pagpapaliit o iba pang reduksyon ng mga bayad bilang tulong sa pabahay, paghinto ng mga bayad bilang tulong sa pabahay, at pagpapawalang-bisa ng kontrata ng HAP.
- d. Maaaring humingi at makakuha ang PHA ng karagdagang kalunasan sa pamamagitan ng utos o aksyong hudisyal,

kasama ang tiyak na pagtupad, iba pang kalunasan nagbabawal o utos para sa bayad-pinsala.

- e. Kahit na patuloy na manirahan ang pamilya sa unit sa kontrata, maaaring gamitin ng PHA ang anumang mga karapatan at remedyo para sa di-pagtupad ng may-ari sa kontrata ng HAP.
- f. Ang paggamit o di-paggamit ng PHA sa anumang karapatan o remedyo para sa di-pagtupad sa kontrata ng HAP ay hindi pagpapaubaya ng karapatang gamitin iyon o ang anumang ibang karapatan o remedyo sa anumang oras.

**11. Access ng PHA at ng HUD sa Premises at sa Mga Record ng May-ari**

- a. Dapat ipagkaloob ng may-ari ang anumang impormasyon may-kinalaman sa kontrata ng HAP na maaaring makatwirang kailanganin ng PHA o ng HUD.
- b. Dapat mayroong ganap at malayang access ang PHA, ang HUD at ang Comptroller General ng United States sa unit sa kontrata at sa premises, at sa lahat ng mga kwenta at iba pang records ng may-ari na may-kinalaman sa kontrata ng HAP, kasama ang karapatang suriin o i-audit ang records at gumawa ng mga kopya.
- c. Dapat ipagkaloob ng may-ari ang ganoong access sa mga computerized o iba pang electronic records, at sa anumang mga computer, equipment o facility na kinaroroonan ng ganitong records, at dapat ipagkaloob ang anumang impormasyon o tulong na kailangan para ma-access ang records.

**12. Di-Pagsali sa Mga Karapatan ng Ikatlong Panig**

- a. Ang pamilya ay hindi isang panig sa o ikatlong panig na benepisyaryo ng Bahaging B ng kontrata ng HAP. Hindi maaaring ipatupad ng pamilya ang anumang tadhana ng Bahaging B, at hindi maaaring gumamit ng anumang karapatan o remedyo laban sa may-ari o sa PHA ayon sa Bahaging B.
- b. Maaaring ipatupad ng nangungupahan o ng PHA ang addendum ng pangungupahan (Bahaging C ng kontrata ng HAP) laban sa may-ari, at maaaring gamitin ang anumang karapatan o remedyo laban sa may-ari batay sa addendum ng pangungupahan.
- c. Hindi inaako ng PHA ang anumang responsibilidad para sa pinsala sa, o anumang sagutin sa, sinumang taong nasaktan sanhi ng aksyon o hindi pagkilos ng may-ari na may-kaugnayan sa pamamahala ng unit sa kontrata o sa premises o sa pagpapatupad ng kontrata ng HAP, o sanhi ng anumang ibang aksyon o di-pagkilos ng may-ari.
- d. Ang may-ari ay hindi ahente ng PHA, at hindi lumilikha o nakakaapekto ang kontrata ng HPA sa anumang kaugnayan ng PHA at ng sinumang nagpapautang sa may-ari o anumang mga supplier, empleado, kontratista o kontratista ng unang kontratistang ginagamit ng may-ari na may-kaugnayan sa pamamahala ng unit sa kontrata o sa premises o sa pagpapatupad ng kontrata ng HAP.

**13. Salungatan ng Interes**

- a. Ang kahulugan ng "taong nasasaklawan" ay isang tao o entidad na myembro ng alinman sa sumusunod na mga klase:
  - (1) Sinumang kasalukuyan o dating myembro o opisyal ng PHA (maliban sa komisyoner ng PHA na kalahok sa programa);
  - (2) Sinumang empleado ng PHA, o sinumang kontratista, kontratista ng unang kontratista o ahente ng PHA, na nagsasagawa ng mga patakaran o nag-iimpluwensya ng mga desisyon may-kinalaman sa programa;
  - (3) Sinumang opisyal ng pamahalaan, myembro ng isang namumunong lupon, o mambabatas ng Estado o lokal, na nagsasagawa ng mga tungkulin o mga pananagutang may-kinalaman sa program; o
  - (4) Sinumang myembro ng Kongreso ng United States.
- b. Hindi maaaring magkaroon ang taong nasasaklawan ng anumang tuwiran o di-tuwiran na interes sa kontrata ng HAP o sa anumang mga benepisyaryo o mga bayad batay sa

kontrata (kasama ang interes ng isang malapit na myembro ng pamilya ng nabanggit na taong nasasaklawan) habang ang ganitong tao ay isang taong nasasaklawan o sa loob ng isang taon pagkaraan noon.

- c. Ang kahulugan ng “malapit na myembro ng pamilya ay ang asawa, magulang (kasama ang magulang na panguman) anak (kasama ang anak na panguman), lolo o lola, apo, kapatid na babae o kapatid na lalaki (kasama ang kapatid na babae na panguman o ang kapatid na lalaki na panguman) ng sinumang taong nasasaklawan.
- d. Ang may-ari ay nagpapatotoo at ang may pananagutan para sa pagsisiguro na walang tao o entidad ang mayroon o magkakaroon ng ipinagbabawal na interes sa panahon ng pagpirma ng kontrata ng HAP, o kailanman sa takdang panahon ng kontrata ng HAP.
- e. Kung magkaroon ng ipinagbabawal na interes, ipaalam kaagad ng may-ari at ganap na ihahayag ang ganoong interes sa PHA at sa HUD.
- f. Maaaring ipaubaya ng field office ng HUD sa mabuting dahilan ang pagbabawal sa salungatan ng interes ayon sa seksyong ito
- g. Walang myembro ng o kinatawan sa Kongreso ng United States o residenteng komisyoner ang tatanggapin sa anumang sosyo o bahagi ng kontrata ng HAP o sa anumang mga benepisong maaaring manggaling dito.

#### 14. Paglilipat ng Kontrata ng HAP

- a. Hindi maaaring ilipat ng may-ari ang kontrata ng HAP sa isang bagong may-ari na walang paunang nakasulat na pahintulot ang PHA.
- b. Kung hilingin ng may-ari ang pahintulot ng PHA na ilipat ang kontrata ng HAP sa isang bagong may-ari, ibibigay ng may-ari ang anumang impormasyon na iutos ng PHA na may-kinalaman sa iminumungkahing paglilipat.
- c. Hindi maaaring ilipat ang kontrata ng HAP sa isang bagong may-ari na pinagbabawalan, suspindido o sumasailalaim sa isang limitadong pagkaiit ng partisipasyon batay sa mga regulasyon ng HUD (tingnan ang 24 Code of Federal Regulations Part 24).
- d. Hindi maaaring ilipat ang kontrata ng HAP sa isang bagong may-ari kung ipinagbawal ng HUD ang ganoong paglipat dahil:
  - (1) Nagsampa ang pamahalaang Pederal ng aksyong administratibo o hudisyal laban sa may-ari o sa iminumungkahing bagong may-ari dahil sa paglabag sa Fair Housing Act [Akta ng Makatwirang Pagpapabahay] o sa iba pang inuutos ng pamahalaang Pederal ukol sa pantay-pantay na pagkakataon, at ang nabanggit na aksyon ay wala pang hatol; o
  - (2) Nagpasya na ang isang korte o ang isang administratibong ahensya na linabag ng may-ari o ng iminumungkahing bagong may-ari ang Fair Housing Act o ang iba pang inuutos ng pamahalaang Pederal ukol sa pantay-pantay na pagkakataon.
- e. Hindi maaaring ilipat ang kontrata sa isang bagong may-ari kung ang bagong may-ari (kasama ang principal o ang iba pang interesadong partido) ay ang magulang, anak, lolo o lola, apo, kapatid na babae o kapatid na lalaki ng sinumang myembro ng pamilya, maliban kung natiyak na ng PHA (at ipinaalam na sa may-ari at sa pamilya ang ganitong pagkakatiyak) na ang pag-aaproba sa paglilipat, sa kabila ng ganoong relasyon, ay magbibigay ng makatwirang pakikibagay para sa isang myembro ng pamilya na natingang taong may kapansanan.
- f. Maaaring ipagkait ng PHA ang pag-aaproba na ilipat ang kontrata ng HAP kung ang may-ari o iminumungkahing bagong may-ari (kasama ang principal o ang iba pang interesadong partido) ay:
  - (1) Lumabag sa mga obligasyon ayon sa isang kontrata ng mga bayad bilang tulong sa pabahay batay sa Seksyon 8.
  - (2) Nagsagawa na ng anumang pandaraya, panunuhol o anupamang ibang katiwalian o gawaing kriminal na

may-kaugnayan sa anumang programang Pederal ng pagpapabahay.

- (3) Nasangkot na sa anumang gawaing kriminal na may-kaugnayan sa droga o anumang marahas na gawaing kriminal.
- (4) May kasaysayan o gawi ng di-pagsunod sa HQS sa mga unit na pinaupahan batay sa mga programang salig-nangungupahan ng Seksyon 8, o di-pagsunod sa mga mapaiiral na pamantayan ng pabahay para sa mga unit na pinaupahan na may tulong na salig-project ng Seksyon 8 o para sa mga unit na pinaupahan batay sa anumang ibang programang Pederal ng pagpapabahay.
- (5) May kasaysayan o gawi na hindi winawakasan ang nangungupahan ng mga nangungupahang tinutulungan ayon sa anumang programa sa pagpapabahay na tinutulungan ng pamahalaang Pederal para sa gawaing kinasangkutan ng nangungupahan, sinumang myembro ng sambahayan, isang bisita o iba pang taong nasa ilalim ng kontrol ng sinumang myembro ng sambahayan na
  - (a) Nagsasapanganib sa karapatan ng ibang mga residente na masiyahan nang walang-gulo sa premises.
  - (b) Nagsasapanganib sa kalusugan o kaligtasan ng ibang mga residente, ng mga empleado ng PHA, o ng mga empleado ng may-ari o iba pang mga taong nagtatrabaho sa pangangasiwa ng pabahay.
  - (c) Nagsasapanganib sa kalusugan o kaligtasan ng, o sa karapatang masiyahan nang walang-gulo ng mga residente nila ng, mga taong naninirahan sa kalapit na paligid ng premises, o
  - (d) Gawaing kriminal na may-kaugnayan sa droga o marahas na gawaing kriminal.
- (6) May kasaysayan o gawi na nagpapaupa ng mga unit na hindi nasasapatan ang mga lokal na kodigo ng pabahay; o
- (7) Hindi pa nagbayad sa pamahalaang Estado o lokal ng mga buwis para sa ari-ariang real, mga multa o mga pagtatasa.
- g. Dapat sumang-ayon ang bagong may-ari na maoblig ng at sumunod sa kontrata ng HAP. Nakasulat dapat ang kasunduan, at nasa form na matatanggap ng PHA. Dapat bigyan ng bagong may-ari ang PHA ng kopya ng pinirmahang kasunduan.

**15. Pagremata.** Sakaling magkaroon ng anumang pagreremata, ang pangunahing kasunod sa interes sa ari-arian batay sa pagremata ang aako sa ganoong interes ayon sa kasunduan sa pagpapaupa ng dating may-ari at ng nangungupahan at sa kontrata ng HAP ng dating may-ari at ng PHA para sa unit na tinitirahan. Hindi nakaapekto itong tadhana sa anumang batas Estado o lokal na nagbibigay ng higit na mahabang panahon o iba pang karagdagang proteksyon para sa mga nangungupahan. **Automatikong magtatapos ang tadhanang ito sa Disyembre 31, 2012, maliban kung palugitan ng batas.**

**16. Mga Notisyang Nakasulat.** Dapat nakasulat ang anumang notisya ng PHA o ng may-ari na may-kaugnayan sa kontratang ito

#### 17. Buong Kasunduan: Interpretasyon

- a. Nilalaman ng kontrata ng HAP ang buong kasunduan ng may-ari at ng PHA.
- b. Bibigyang-kahulugan at paiiralin ang kontrata ng HAP alinsunod sa lahat ng inuutos ng batas, at sa lahat ng inuutos ng HUD, kasama ang mga regulasyon ng programa ng HUD na nasa 24 Code of Federal Regulations Part 982.

**Kontrata ng Mga Bayad Bilang Tulong sa Pabahay  
(Kontrata ng HAP)  
Tulong ng Seksyon 8 na Salig-Nangungupahan  
Programa ng Voucher Para sa Piniling Pabahay  
[Housing Choice Voucher Program]**

**U.S. Department of Housing  
and Urban Development**  
Office of Public and Indian Housing

**Bahaging C ng Kontrata ng HAP: Addendum ng Pangungupahan**

**1. Programa ng Voucher ng Seksyon 8**

- a. Pinauupahan ng may-ari ang unit sa kontrata sa nangungupahan para tirahan ng pamilya ng nangungupahan na may tulong para sa pangugupahan ayon sa programa ng voucher para sa piniling pabahay ng Seksyon 8 (programa ng voucher) ng United States Department of Housing and Urban Development (HUD).
- b. Nakipagkasundo ang may-ari sa PHA sa isang Kontrata ng Mga Bayad Bilang Tulong sa Pabahay (Kontrata ng HAP) ayon sa program ng voucher. Ayon sa kontrata ng HAP, magbabayad ang PHA sa may-ari ng mga bayad bilang tulong sa pabahay para tulungan ang nangungupahan sa pag-upa ng unit sa may-ari.

**2. Kasunduan sa Pagpapaupa**

- a. Binigyan na ng may-ari ang PHA ng kopya ng kasunduan sa pagpapaupa, kasama ang anumang mga pagbabago pinagkasunduan ng may-ari at ng nangungupahan. Nagpapatotoo ang may-ari na ang mga takda ng kasunduan sa pagpapaupa ay ayon sa lahat ng mga tadhana ng kontrata ng HAP at na kasama sa kasunduan sa pagpapaupa ang addendum ng pangungupahan.
- b. May karapatan ang nangungupahan na ipatupad ang addendum ng pangungupahan laban sa may-ari. Kung mayroong anumang salungatan ang addendum ng pangungupahan at ang anumang ibang tadhana ng kasunduan sa pagpapaupa, ang salita ng addendum ng pangungupahan ang iiral.

**3. Paggamit sa Unit sa Kontrata**

- a. Sa loob ng takdang panahon ng kasunduan ng pagpapaupa, maninirahan ang pamilya sa unit sa kontrata na may tulong ayon sa programa ng voucher.
- b. Dapat aprobahan ng PHA ang kabuuan ng sambahayan. Dapat ipaalam kaagad ng pamilya sa PHA ang tungkol sa pagsilang, pag-ampon o paggawad ng korte sa kanilang poder ng bata. Hindi maaaring idagdag ang ibang tao sa sambahayan na walang paunang nakasulat na pahintulot ng may-ari at ng PHA.
- c. Ang unit sa kontrata ay maaaring magamit lamang na tirahan ng mga myembro ng sambahayan na inaprobahan ng PHA, Tanging tirahan dapat ng pamilya ang unit. Maaaring makilahok ang mga myembro ng sambahayan sa legal na mga gawain para kumita na insidental sa pangunahing gamit sa unit para tirahan ng mga myembro ng pamilya.
- d. Hindi maaaring i-sublease o paupahan ng nangungupahan ang unit.
- e. Hindi maaaring ilipat ng nangungupahan ang kasunduan sa pagpapaupa o ilipat ang unit.

**4. Upang Ibabayad sa May-ari**

- a. Ang unang upang ibabayad sa may-ari ay hindi maaaring humigit sa halagang inaprobahan ng PHA alinsunod sa mga utos ng HUD.
- b. Ang mga tadhana ng kasunduan sa pagpapaupa ang magtatakda ng mga pagbabago sa upang ibabayad sa may-ari. Gayunpaman, hindi maaaring taasan ng may-ari ang upa sa loob ng unang takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa.
- c. Sa loob ng takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa (kasama ang unang takdang panahon ng kasunduan sa

pagpapaupa at anumang pagpapalugit ng takdang panahon), hindi maaaring humigit kailanman ang upang ibabayad sa may-ari sa:

- (1) Makatwirang upa para sa unit batay sa pinakahuling pagpapasya o muling pagpapasya ng PHA alinsunod sa mga utos ng HUD. o
- (2) Upang sinisingil ng may-ari sa maitutulad na mga unit na hindi tinutulungan na nasa premises.

**5. Bayad ng Pamilya sa May-ari**

- a. Ang pamilya ang may responsibilidad na magbayad sa may-ari ng anumang bahagi ng upang ibabayad sa may-ari na hindi sagot ng bayad bilang tulong sa pabahay ng PHA.
- b. Bawat buwan, magbabayad ang PHA sa may-ari ng bayad bilang tulong sa pabahay alang-alang sa pamilya alinsunod sa kontrata ng HAP. Itinatakda ng PHA ang halaga ng buwanang bayad bilang tulong sa pabahay alinsunod sa mga utos ng HUD para sa pangungupahan ayon sa programa ng voucher ng Seksyon 8.
- c. Ibabawas ang buwanang bayad bilang tulong sa pabahay sa buwanang upang ibabayad sa may-ari para sa unit sa kontrata.
- d. Hindi responsibilidad ng nangungupahan ang pagbabayad ng bahagi ng upang ibabayad sa may-ari na sagot ng bayad bilang tulong sa pabahay ng PHA ayon sa kontrata ng HAP na pinagkasunduan ng may-ari at ng PHA. Hindi paglabag sa kasunduan sa pagpapaupa ang di-pagbayad ng PHA sa may-ari ng bayad bilang tulong sa pabahay. Hindi maaaring wakasan ang pangungupahan dahil sa di-pagbayad ng PHA ng bayad bilang tulong sa pabahay.
- e. Hindi maaaring maningil o tumanggap ang may-ari mula sa pamilya o sa iba pang panggagalingan ng bayad para sa upa ng unit na dagdag sa upang ibabayad sa may-ari. Kasama sa upang ibabayad sa may-ari ang lahat ng mga serbisyo sa pabahay, pagmamantini, mga utility at mga appliance na ipagkakaloob at babayaran ng may-ari alinsunod sa kasunduan sa pagpapaupa.
- f. Dapat ibalik kaagad ng may-ari sa nangungupahan ang anumang sobrang bayad sa upa.

**6. Iba Pang Mga Babayarin at Singil**

- a. Hindi kaasama sa upang ibabayad sa may-ari ang gastos para sa anumang pagkain o mga serbisyong pang-alalay o mga mwebles na maaaring ipagkaloob ng may-ari.
- b. Hindi maaaring iutos ng may-ari sa nangungupahan o mga myembro ng pamilya na magbayad ng mga singil para sa anumang pagkain o mga serbisyong pang-alalay o mwebles na maaaring ipagkaloob ng may-ari. Ang di-pagbayad sa anumang nabanggit na singil ay hindi katwiran para wakasan ang pangungupahan.
- c. Hindi maaaring singilin ng may-ari ang nangungupahan ng mga ekstrang halaga para sa mga item na karaniwang kasama sa upang ibabayad sa may-ari sa pook, o ipinagkakaob nang walang karagdagang bayad sa mga nangungupahang hindi tumatanggap ng salaping-tulong na nasa premises.

**7. Pagmamantini, Mga Utility, at Iba Pang Mga Serbisyo**

- a. **Pagmamantini**
  - (1) Dapat imantini ng may-ari ang unit sa kontrata at ang premises na naaalinsunod sa HQS.
  - (2) Ang pagmamantini at pagpapalit (kasama ang pagbabago ng dekorasyon) ay dapat naaalinsunod sa pamantayang gawi para sa gusaling tinutukoy tulad ng itinakda ng may-ari.



b. **Mga Utility at Mga Appliance**

- (1) Dapat ipagkaloob ng may-ari ang lahat ng mga utility na kailangan para sumunod sa HQS.
- (2) Hindi responsibilidad ng may-ari ang di-pagtupad sa HQS na ang naging sanhi ay ang pagpalya ng nangungupahan na:
  - (a) Magbayad ng anumang mga utility na dapat bayaran ng nangungupahan.
  - (b) Magkaloob at magmantini ng anumang mga appliance na dapat ipagkaloob ng nangungupahan.

c. **Pinsala ng Pamilya.** Hindi responsibilidad ng may-ari ang di-pagsunod sa HQS dahil sa mga pinsalang mahigit sa karaniwang pagkasira dala ng paggamit na nagsanhi sa isang myembro ng sambahayan o sa isang bisita.

d. **Mga Serbisyo sa Pabahay.** Dapat ipagkaloob ng may-ari ang lahat ng mga serbisyo sa pabahay tulad nang pinagkasunduan sa kasunduan sa pagpapaupa.

8. **Pagwawakas ng May-ari sa Pangungupahan**

a. **Mga Kailangan.** Maaaring wakasan ng may-ari ang pangungupahan alinsunod sa kasunduan sa pagpapaupa at sa mga inuutos ng HUD lamang.

b. **Mga Katwiran.** Sa takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa (ang unang takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa o anumang takdang panahon ng palugit), maaaring wakasan ng may-ari ang pangungupahan sa dahilan lamang na:

- (1) Mabigat o paulit-ulit na paglabag sa kasunduan sa pagpapaupa;
- (2) Paglabag sa batas Pederal, Estado, o lokal na nagtatakda ng mga obligasyon sa nangungupahan na may-kinalaman sa pagtira o paggamit ng unit at ng premises;
- (3) Gawaing kriminal o paglalasing (tulad ng nakatakda sa parapo c); o
- (4) Iba pang mabuting dahilan (tulad ng nakatakda sa parapo d).

c. **Gawaing kriminal o paglalasing.**

- (1) Maaaring wakasan ng may-ari ang pangungupahan sa loob ng takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa kung ang sinumang myembro ng sambahayan, isang bisita o iba pang taong nasa ilalim ng kontrol ng residente ay gumawa ng anuman sa sumusunod na mga uri ng gawaing kriminal:
  - (a) Anumang gawaing kriminal na nagsasapanganib sa kalusugan o kaligtasan ng, o sa karapatang masiyahan nang walang-gulo sa premises ng, ibang mga residente (kasama ang mga tauhang tagapangasiwa ng property na nakatira sa premises);
  - (b) Nagsasapanganib sa kalusugan o kaligtasan ng, o sa karapatang masiyahan nang walang-gulo ng mga residente nila ng, mga taong naninirahan sa kalapit na paligid ng premises.
  - (c) Anumang marahas na gawaing kriminal sa o malapit sa premises; o
  - (d) Anumang gawaing kriminal na may-kaugnayan sa droga sa o malapit sa premises;
- (2) Maaaring wakasan ng may-ari ang pangungupahan sa loob ng takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa kung ang sinumang myembro ng sambahayan ay:
  - (a) Tumatakas para umiwas sa pag-uusig, o sa pagpigil ng laya o pagbilanggo pagkatapos ng kombiksyon, para sa isang krimen, o pagtangkang gumawa ng krimen, na isang felony batay sa mga batas ng lugar na tinatakas ng tao, o na, sa halimbawa ng Estado ng New Jersey, ay isang high misdemeanor; o
  - (b) Lumalabag sa isang kondisyon ng probation o parole batay sa batas Pederal o Estado.

(3) Maaaring wakasan ng may-ari ang pangungupahan para sa gawaing kriminal ng isang myembro ng sambahayan na naaalinsunod sa seksyong ito kung matiyak ng may-ari na ginawa nga ng myembro ng sambahayan ang gawaing kriminal, sa kabila ng kung naaresto na o nahatulan na ang myembro ng sambahayan para sa ganoong gawain.

(4) Maaaring wakasan ng may-ari ang pangungupahan sa loob ng takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa kung ang sinumang myembro ng sambahayan ay nasangkot sa paglalasing na nagsasapanganib sa kalusugan, kaligtasan o karapatang masiyahan nang walang-gulo sa premises ng ibang mga residente.

d. **Iba pang mabuting dahilan para sa pagwawakas ng pangungupahan**

- (1) Sa loob ng unang takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa, ang iba pang mabuting dahilan para sa pagwawakas ng pangungupahan ay dapat isang bagay na ginawa o di-ginawa ng pamilya.
- (2) Sa loob ng unang takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa o sa loob ng anumang takdang panahon ng palugit, maaaring kasama sa iba pang mabuting dahilan ang:
  - (a) Panggugulo sa mga kapitbahay,
  - (b) Pagsira sa property, o
  - (c) Mga ugali sa pamumuhay o sa pangangalaga sa bahay na nakakapinsala sa unit o sa premises.
- (3) Matapos ang unang takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa, maaaring kasama sa nabanggit na mabuting dahilan ang:
  - (a) Di-pagtanggap ng nangungupahan ng alok ng may-ari para sa bagong kasunduan sa pagpapaupa o pagbabago;
  - (b) Kagustuhan ng may-ari na gamitin ang unit para sa paggamit na personal o pampamilya o para sa ibang layunin maliban sa paggamit bilang paupahang unit na pamahayan; o
  - (c) Dahilang pangnegosyo o pangkabuhayan para sa pagwawakas ng pangungupahan (tulad ng pagbebenta ng property, pag-renovate ng unit, ang kagustuhan ng may-ari na paupahan ang unit para sa mas mataas na upa).
- (4) Hindi hinahadlangan ng mga halimbawa ng iba pang mabuting dahilan sa parapong ito ang anumang kakontrang batas Estado o lokal.
- (5) Sa halimbawa ng isang may-ari na pangunahing kasunod sa interes alinsunod sa pagremata sa loob ng takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa, ang pag-utos sa nangungupahan na bakantehin ang property bago maibenta ay hindi dapat magiging mabuting dahilan, maliban sa maaaring wakasan ng may-ari ang pangungupahan na maybisa sa petsa ng paglipat ng unit sa may-ari kung ang may-ari ay: Maninirahan sa unit bilang pangunahing tirahan; at (b) nagbigay na ng notisya sa nangungupahan na bakantehin nang 90 araw man lamang bago sa petsa na maybisa ang nabanggit na notisya. Hindi dapat makaaapekto itong tadhana sa anumang batas Estado o lokal na nagbibigay ng higit na mahabang panahon o iba pang karagdagang proteksyon para sa mga nangungupahan. **Automatikong magtatapos ang tadhanang ito sa Disyembre 31, 2012, maliban kung palugitan ng batas.**

e. **Mga Proteksyon para sa mga Biktima ng Abuso.**

- (1) Ang isang insidente o mga insidente ng aktwal o binantang karahasan sa tahanan, karahasan sa pagdate, o stalking at hindi ipakahuhulugang mabigat o paulit-ulit na paglabag sa kasunduan sa pagpapaupa o iba pang "mabuting dahilan" para sa pagwawakas ng tulong, pangungupahan, o mga karapatang manirahan ng tunay na biktima.

- (2) Hindi dapat maging dahilan para sa pagwawakas ng tulong, pangungupahan, o mga karapatang manirahan ang mga gawaing kriminal na tuwirang may-kaugnayan sa abuso, na kinasangkutan ng isang myembro ng sambahayan ng nangungupahan o ng sinumang bisita o ng ibang taong nasa ilalim ng kontrol ng nangungupahan, kung ang nangungupahan o ang malapit na myembro ng pamilya ng nangungupahan ay ang biktima o binantaang biktima ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pagde-date o stalking.
- (3) Sa kabila ng anumang mga restriksyon sa pagpapapasok, paninirahan, o pagwawakas ng paninirahan o tulong, o anumang kakontrang batas Pederal, Estado o lokal, maaaring "hatiin sa dalawa" ng PHA, ng may-ari o ng manager ang kasunduan sa pagpapaupa, o alisin dapat ang isang myembro ng sambahayan mula sa kasunduan sa pagpapaupa, nang walang pagpapahalaga na kung ang myembro ng sambahayan ay taong pumirma sa kasunduan sa pagpapaupa, para paalisin, tanggalin, wakasan ang mga karapatang manirahan, o wakasan ang tulong sa sinumang taong nangungupahan o legal na naninirahan at nasangkot sa mga gawaing kriminal o karahasang pisikal laban sa mga myembro ng pamilya o ibang tao. Maaaring isagawa ang aksyong ito na hindi paaalisin, tatanggalin, wawakasan ang tulong sa, o paparusahan sana ang biktima ng karahasan na isang nangungupahan o legal na naninirahan din. Dapat isagawa ang ganoong pagpapaalis, pagtatanggal, pagwawakas sa mga karapatang manirahan o pagwawakas sa tulong na naaalinsunod sa mga pamamaraang itinakda ng batas Pederal, Estado, at local para sa pagwawakas sa mga kasunduan sa pagpapaupa o tulong batay sa programa ng voucher para sa piniling pabahay.
- (4) Walang anuman sa seksyong ito ang maaaring ipakahulugang nagtatakda sa kapangyarihan ng isang public housing agency, ng may-ari, o ng manager, kapag pinagbigyan-alam, na igalang ang utos ng korte na tumutukoy sa mga karapatan ng access o kontrol ng property, kasama ang mga utos ng proteksyong sibil na inisyu para protektahan ang biktima at inisyu para tukuyin ang distribusyon o posesyon ng property sa mga myembro ng sambahayan sa mga kaso kung saan naghihiwalay ang isang pamilya.
- (5) Walang anuman sa seksyong ito ang nagtatakda sa kapangyarihang maaari sanang gamitin ng isang may-ari o ng manager para paalisin o ng public housing agency na wakasan ang tulong sa isang nangungupahan para sa anumang paglabag sa isang kasunduan sa pagpapaupa na hindi ibinabatay sa gawain o mga gawain ng karahasan na pinag-uusapan laban sa nangungupahan o sa isang myembro ng sambahayan ng nangungupahan, sa kondisyon na hindi ipapailalim ng may-ari, ng manager, o ng public housing agency ang isang tao na biktima o naging biktima ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pagde-date, o stalking sa mas mahigpit na pamantayan kaysa sa ibang mga nangungupahan sa pagpapasya kung paaalisin o wawakasan.
- (6) Walang anuman sa seksyong ito ang maaaring ipakahulugang nagtatakda sa kapangyarihan ng isang may-ari o ng manager para paalisin, o ng public housing agency na wakasan ang tulong sa isang nangungupahan kung mapatunayan ng may-ari, ng manager, o ng public housing agency ang aktwal at nagbabalang panganib sa ibang mga nangungupahan o sa mga nasa empleo sa o naglilingkod sa property kung hindi paaalisin ang nangungupahan o hindi wawakasan ang tulong.
- (7) Walang anuman sa seksyong ito ang maaaring ipakahulugang magpapawalang-bisa sa anumang tadhana ng anumang batas Pederal, Estado o lokal na nagbibigay ng higit na proteksyon kaysa sa seksyong ito para sa mga biktima ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pagde-date, o *stalking*.
- f. **Pagpapaalis sa pamamagitan ng aksyon sa korte.** Sa pamamagitan lamang ng aksyon sa korte maaaring paalisin ng may-ari ang nangungupahan.
- g. **Notisya ng mga katwiran ng may-ari**
- (1) Sa o bago sa simula ng isang aksyon sa korte para paalisin ang nangungupahan, dapat magbigay ang may-ari sa nangungupahan ng isang notisyang nagbabanggit nang tiyakan ng mga katwiran para sa pagwawakas ng pangungupahan. Maaaring ilakip ang notisya sa o pagsamahin ito sa anumang notisya ng pagpapaalis ng may-ari..
  - (2) Dapat magbigay ang may-ari sa PHA ng kopya ng anumang notisya sa pagpapaalis ng may-ari na kasabay ng pagbibigay-alam ng may-ari sa nangungupahan.
  - (3) Ang kahulugan ng notisya ng pagpapaalis ay isang notisya na bakantihin, o isang sumbong o iba pang unang nakasulat na alegasyon na ginagamit para simulan ang isang aksyon ng pagpapaalis batay sa batas Estado o lokal.
- 9. Kasunduan sa Pagpapaupa: Kaugnayan sa Kontrata ng HAP**  
Kung wakasan ang kontrata ng HAP para sa anumang dahilan, automatikong magwawakas ang kasunduan sa pagpapaupa.
- 10. Pagwawakas ng Tulong ng PHA**  
Maaaring wakasan ng PHA ang tulong ng programa para sa pamilya dahil sa anumang autorisadong katwiran na naaalinsunod sa inuutos ng HUD. Kapag winakasan ng PHA ang tulong ng programa para sa pamilya, automatikong magwawakas ang kontrata ng HAP.
- 11. Pag-alis ng Pamilya**  
Dapat ipaalang ng nangungupahan sa PHA at sa may-ari bago bakantihin ng pamilya ang unit.
- 12. Depositong Panagot**
- a. Maaaring kumolekta ang may-ari ng isang depositong panagot mula sa nangungupahan. (Gayunman, maaaring pagbawalan ng PHA ang may-ari sa pagkolekta ng depositong panagot na mahigit sa gawi ng pribadong kalakalan, o mahigit sa mga halagang sinisingil ng may-ari sa mga nangungupahang hindi tinutulungan. Dapat banggitin nang tiyakan sa kontrata ng HAP ang anumang ganoong restriksyon na inuutos ng PHA.)
  - b. Sa panahong umalis ang pamilya sa unit sa kontrata, maaaring gamitin ng may-ari, batay sa batas Estado at lokal, ang depositong panagot, kasama ang anumang tubo sa deposito, bilang bayad sa anumang hindi nabayarang upang nangungupahan, anumang pinsala sa unit o anumang iba pang halaga na utang ng nangungupahan ayon sa kasunduan sa pagpapaupa.
  - c. Dapat bigyan na may-ari ang nangungupahan ng listahan ng lahat ng mga item na binawas sa depositong panagot, at ang halaga ng bawat item. Pagkatapos na ibawas ang halaga, kung mayroon man, na ginamit para mabayaran ang may-ari, dapat isauli kaagad ng may-ari sa nangungupahan ang buong halaga ng balanseng hindi ginamit .
  - d. Kung hindi sapat ang depositong panagot para bayaran ang mga halaga ng utang ng nangungupahan batay sa kasunduan sa pagpapaupa, maaaring kolektahin ng may-ari ang balanse mula sa nangungupahan.
- 13. Pagbabawal sa Diskriminasyon**  
Alinsunod sa mga mapairal na mga batas ng pantay-pantay na pagkakataon, mga Kautusang Tagapagpaganap at mga regulasyon, hindi dapat magtangi ang may-ari laban sa sinumang tao dahil sa lahi, kulay, relihyon, kasarian, bansang pinagmulan, gulang, status ng pamilya, o kapansanan na may-kinalaman sa kasunduan sa pagpapaupa.
- 14. Salungatan sa Ibang Tadhana ng Kasunduan sa Pagpapaupa**

- a. Ang mga tadhana ng addendum ng pangungupahan ay itinakda ng HUD alinsunod sa batas at regulasyon Pederal, bilang kondisyon para sa tulong Pederal sa nangungupahan at sa pamilya ng nangungupahan batay sa programa ng voucher ng Seksyon 8.
- b. Kung mayroong anumang salungatan ang mga tadhana ng addendum ng pangungupahan tulad ng inuutos ng HUD, at ang anumang ibang tadhana ng kasunduan sa pagpapaupa, o anumang iba pang kasunduan ng may-ari at ng nangungupahan, ang mga inuutos sa addendum ng pangungupahan na itinakda ng HUD ang iiral.

#### 15. Mga Pagbabago sa Kasunduan sa Pagpapaupa o sa Upa

- a. Hindi maaaring gumawa ng anumang pagbabago sa addendum ng pangungupahan ang nangungupahan at ang may-ari. Gayunman, kung magkasundo ang nangungupahan at ang may-ari sa anupamang ibang pagbabago sa kasunduan ng pagpapaupa, dapat nakasulat ang mga nabanggit na pagbabago, at dapat bigyan kaagad ng may-ari ang PHA ng kopya ng nabanggit na mga pagbabago. Dapat naalinsunod sa mga utos ng addendum ng pangungupahan ang kasunduan, kasama ang anumang pagbabago.
- b. Sa mga halimbawang sumusunod, hindi ipagpapatuloy ang tulong na salig-nangungupahan maliban kung inaprobahan na ng PHA ang bagong pangungupahan na naaalinsunod sa mga utos ng programa at pinirmahan na ng nangungupahan at ng may-ari ang bagong kontrata ng HAP:
  - (1) Kung mayroong anumang pagbabago sa mga inuutos ng kasunduan sa pagpapaupa na umiiral sa mga responsibilidad ng nangungupahan para sa mga utility o mga appliance;
  - (2) Kung mayroong anumang pagbabago sa mga tadhana ng kasunduan sa pagpapaupa na umiiral sa takdang panahon ng kasunduan sa pagpapaupa;
  - (3) Kung lumipat ang pamilya sa bagong unit, kahit na ang unit ay nasa parehong gusali o complex.
- c. Ang pag-aproba ng PHA sa pangungupahan, at ang pagpipirma sa bagong kontrata ng HAP, ay hindi kailangan para sa mga pinagkasunduang pagbabago sa kasunduan ng pagpapaupa maliban sa mga binanggit nang tiyakan sa parapo b.
- d. Dapat ipaalam ng may-ari sa PHA ang anumang mga pagbabago sa halaga ng upa na ibabayad sa may-ari nang animnapung araw man lamang bago magkabisang anumang ganoong mga pagbabago, at ang halaga ng upa na ibabayad sa may-ari pagkatapos ng anumang ganoong pinagkasunduang pagbabago ay hindi maaaring humigit sa makatwirang upa para sa unit batay sa pinakahuling pagpapasya o muling pagpapasya ng PHA alinsunod sa mga utos ng HUD.

#### 16. Mga Notisya

Dapat nakasulat ang anumang notisyang batay sa kasunduan ng pagpapaupa na ibibigay ng nangungupahan sa may-ari o ng may-ari sa nangungupahan.

#### 17. Mga Kahulugan

**Unit sa Kontrata.** Ang unit ng pabahay na inuupahan ng nangungupahan na may tulong batay sa programa.

**Pamilya.** Ang mga taong maaaring manirahan sa unit na may tulong batay sa programa.

**Kontrata ng HAP.** Ang kontrata ng mga bayad bilang tulong sa pabahay na pinagkasunduan ng PHA at ng may-ari. Babayaran ng PHA sa may-ari ang mga bayad bilang tulong sa pabahay alinsunod sa kontrata ng HAP.

**Sambahayan.** Ang mga taong maaaring manirahan sa unit sa kontrata. Ang sambahayan ay binubuo ng pamilya at ng sinumang live-in aide na inaprobahan ng PHA. (Ang live-in aide ay isang taong naninirahan sa unit para magbigay ng mga serbisyong pang-alalay na kinakailangan para sa isang myembro ng pamilya na naturingang taong may kapansanan.)

**Mga pamantayan ng kahusayan ng pabahay [Housing quality standards] (HQS).** Ang minimum na mga pamantayan ng kahusayan

ng HUD para sa pabahay na tinutulungan ayon sa mga programang salig-nangungupahan ng Seksyon 8.

**HUD.** Ang U.S. Department of Housing and Urban Development, **Mga utos ng HUD,** Mga utos ng HUD para sa programa ng Seksyon 8. Ang mga utos ng HUD ay iniisyu ng punong-tanggapan ng HUD, bilang mga regulasyon, mga notisya ng Federal Register o iba pang mga umiiral na tagubilin ng programa.

**Kasunduan sa Pagpapaupa.** Ang nakasulat na kasunduan ng may-ari at ng nangungupahan para sa pagpapaupa sa nangungupahan ng unit sa kontrata. Kasama sa kasunduan sa pagpapaupa ang addendum ng pangungupahan na itinakda ng HUD.

**PHA.** Public Housing Agency. [Ahensya ng Pambayang Pabahay]

**Premises.** Ang gusali o complex na kinaroroonan ng unit sa kontrata, kasama ang mga lugar na panlahat at ang bakuran.

**Programa.** Ang programa ng voucher para sa piniling pabahay ayon sa Seksyon 8.

**Upang ibabayad sa may-ari.** Ang kabuuang buwanang upa na dapat ibayad sa may-ari para sa unit sa kontrata. Ang bahagi ng upa na dapat bayaran ng nangungupahan at ang bayad bilang tulong sa pabahay ng PHA ang bumubuo sa upang ibabayad sa may-ari.

**Seksyon 8.** Seksyon 8 ng United States Housing Act of 1937 (42 United States Code 1437f).

**Nangungupahan.** Ang myembro (o mga myembro) ng pamilya na umuupa ng unit sa may-ari.

**Programang voucher.** Ang programa ng voucher para sa piniling pabahay ayon sa Seksyon 8. Batay sa programang ito, bibigyan ng HUD ang isang PHA ng pondo bilang salaping-tulong sa upa alang-alang sa mga pamilyang karapat-dapat. Ang pangungupahan batay sa kasunduan sa pagpapaupa ay tutulungan sa pamamagitan ng salaping-tulong sa upa para sa pangungupahan batay sa programa ng voucher.